International Multidisciplinary Journal of
Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
Published by RISEJOURNALS.ORG


# MGA KASANAYAN SA DIGITAL LITERACY NG MGA MAG-AARAL SA PRACTICE TEACHING

**DOI: 10.5281/zenodo.18717669**

**DELBERT A. NABEDAS**
Student, Mandaue City College, Cebu City, Philippines
https://orcid.org/0009-0009-3223-4403 | dnabedas95@gmail.com

**LOVELY B. RUELO**
Student, Mandaue City College, Cebu City, Philippines
https://orcid.org/0009-0002-3604--178X | Baringlovely14@gmail.com

**TRESCIA MAE C. ROSAL**
Student, Mandaue City College, Cebu City, Philippines
https://orcid.org/0009-0004-4459-0847 | treshmaeee@gmail.com

**JOYCE M. TRAYA**
Student, Mandaue City College, Cebu City, Philippines
https://orcid.org/0009-0005-0422-7901 | joycetraya2@gmail.com

**JESSA C. ILAYA**
Student, Mandaue City College, Cebu City, Philippines
https://orcid.org/0009-0001-5409-0246 | ilayajessang@gmail.com

**SHELLA MAE I. JUBAN**
Student, Mandaue City College, Cebu City, Philippines
https://orcid.org/0009-0002-6877-3168 | jubanshellamae30@gmail.com

**Abstrak:**

Pinupunto ng pananaliksik na ito ang "Mga Kasanayan sa Digital Literacy ng mga mag-aaral sa Practice Teaching ng Mandaue City College A.Y 2023-2024". Binibigyang pansin ang mga hamon o hadlang na kinakaharapngmga mag-aaral sa kanilang mga kasanayan sa digital literacy. Ginagamitanitong kwantitatibo na deskriptibong disenyo na sarbey. Ito ay isang instrumenting ginagamit nang mananaliksik upang mag silbing batayan sa pagbuo ng mga talatanungan upang makalikom ng sapat na datos. Ang kabuuang bilang sa mgarespondente ay umabot sa 104 indibidwal na binubuo ng mag-aaral sa practice teaching, batay sa purposive sampling na ginamit. Ang 14 na mag-aaral narespondente ay nabibilang sa kursong BEED GENERAL CONTENT, samantalang ang 25 na mag-aaral ay sa kursong BSED – ENGLISH, ang22narespondente ay nagmula sa kursong BSED-FILIPINO at ang 10 na respondenteay nagmula sa kursong BSED-MATH. Kabuuang bilang ng mga sumasagot ay 40 na mag-aaral sa practice teaching. Batay sa resulta ng pananaliksik, makikitana ang kasanayan sa komunikasyon ang may pinakamataas na bilang at ang pinakamababang antas ng kasanayan naman ay ang pagkamalikhain. Ang negatibong naranasan ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng pagkabahalasapaggamit ng teknolohiya, pangamba sa kanilang sariling kakayahan, at sa pagiging hindi komportable. Higit na pinagtibay ng mga mananaliksik ang pag- aaral na ito upang makabuo ng awtput o mga gawaing pampagkatutonamapapakinabangan ng mga mag-aaral at mga guro. Ang digital literacy aymaymataas na kalidad, na madali e access at madaling gamitin, ang digital literacyay maging isang mahalagang tool o kagamitan para sa ikabubuti nang kasanayanng mga mag-aaral sa practice teaching.

Mga Keyword: Digital Literacy, Kasanayan, Mag-aaral sa Practice Teaching

**Introduksyon**

Ang digital literacy ay tumutukoy na suriin, gamitin, at lumikha ng mga impormasyon gamit ang teknolohiyang digital. Ito ay ginamit sa mga kasanayang tulad ng pagsalin, pag-unawa at epektibong paggamit ng mga digital tool.

Ang mananaliksik ay naglalayong tukuyin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa practice teaching sa paggamit ng mga kasangkapan, software, at teknolohiya para sa mga pagsusuri at propesyunal na mga layunin. Ang pag-aaral na ito ay sumasailalim din sa pagsusuri ng kanilang mga abilidad na alituntunin, gaano na sila ka bihasa sa paggamit ng mga kasangkapan na digital. Ito ay tumutukoy sa kakayahang mag-explore, kunin, ayusin, pagsamahin, tasahin, suriing mabuti, at pagsama-samahin ang mga digital na materyales, at bumuo ng multimedia na representasyon, at nakikipag-ugnayan sa mga kapantay sa loob ng totoong buhay. Makikita rin ang ilang kahinaan ng mga practice teacher sa pagpresenta ng mga dokumento online, ilan sa kanila ay nahihirapan sa pagtuturo gamit ang digital na kagamitan hindi nila kabisado ang tamang paggamit ng digital para mas maging epektibo ang kanilang pagtuturo sa mga bata. Ang pagkakaroon nang kagamitan ay isang magandang paraan at makakatulong sa mga bata na mAng digital literacy ay tumutukoy na suriin, gamitin, at lumikha ng mga impormasyon gamit ang teknolohiyang digital. Ito ay ginamit sa mga kasanayang tulad ng pagsalin, pag-unawa at epektibong paggamit ng mga digital tool. Ang mananaliksik ay naglalayong tukuyin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa practice teaching sa paggamit ng mga kasangkapan, software, at teknolohiya para sa mga pagsusuri at propesyunal na mga layunin. Ang pag-aaral na ito ay sumasailalim din sa pagsusuri ng kanilang mga abilidad na alituntunin, gaano na sila ka bihasa sa paggamit ng mga kasangkapan na digital. Ito ay tumutukoy sa kakayahang mag-explore, kunin, ayusin, pagsamahin, tasahin, suriing mabuti, at pagsama-samahin ang mga digital na materyales, at bumuo ng multimedia na representasyon, at nakikipag-ugnayan sa mga kapantay sa loob ng totoong buhay. Makikita rin ang ilang kahinaan ng mga practice teacher sa pagpresenta ng mga dokumento online, ilan sa kanila ay nahihirapan sa pagtuturo gamit ang digital na kagamitan hindi nila kabisado ang tamang paggamit ng digital para mas maging epektibo ang kanilang pagtuturo sa mga bata. Ang pagkakaroon nang kagamitan ay isang magandang paraan at makakatulong sa mga bata na magkaroon ng mga panibagong kaalaman gamit ang teknolohiya.

Ang mga potensyal na komplikasyon sa digital literacy sa practice teaching ay maaaring kasama ang kakulangan ng mga kaalaman ng guro at estudyante sa wastong paggamit nang teknolohiya para sa edukasyon. Ang modernong edukasyon ay lalong nagiging technology-oriented, kaya't maraming guro at mag-aaral ang sumusubok at nag-aadap nang iba't ibang digital na kagamitan tulad nang online learning platforms, multimedia presentations, at collaborative applications. Subalit, hindi lahat ng mga mag-aaral ay pantay-pantay ang antas ng kabihasaan. Ang pananaliksik na ito ay partikular na kapaki-pakinabang para sa pagsasanay sa pagtuturo dahil makakatulong ito sa mga mag-aaral na maging mas mahusay o digitally literate. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga pangunahing kasanayan ng mga computer at pagtulong na maunawaan ang kahalagahan ng kakayahang pangasiwaan at maunawaan ang komplikadong impormasyon. Ang mga practice teacher ay hindi lang nakabase sa isa ngunit kailangan nilang mas palawakin ang kanilang kaalaman at malalim na pag-unawa sa pagsuri nang iba’t ibang platform.

**Pagsusuri ng Kaugnay na Pagsusuri at Pag-aaral:**

Ang pananaliksik ay sinusuportaan ng iba’t ibang articles upang maging basehan sa pag-aaral. Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga mahahalagang aspeto na makatutulong sa mga mananaliksik na mas mapatibay ang mga nagawang pananaliksik. Nailalahad ang mga impormasyon nang may malinaw na kaalaman. Ang paggamit ng digital literacy ay ang gumaganang maunawaan ang paggamit ng impormasyon sa isang malawak na hanay ng digital. Ang isang pagsasanay sa pagtuturo sa mag-aaral ay maaaring gumanap nang husto sa digital na kapaligiran na magagamit nila sa kanilang larangan. Ayon kay (Putri et al., 2021), ang mahusay na kakayahan sa komunikasyon ay maaaring makatulong sa maraming paraan. Ito’y nagbibigay-daan para maipahayag ng maayos ang isang ideya upang mapanatili ang epektibong ugnayan sa iba’t ibang larangan ng buhay ng isang practice teacher. Ayon kay Bilbao et al., 2019, ang mga guro at estudyante ay hindi lang dapat marunong sa paggamit ng mga digital na kasanayan, kundi dapat ding maunawaan kung paano gamitin ang impormasyon at teknolohiya upang maghanap, suriin, lumikha, at magbahagi ng kaalaman, na nangangailangan ng parehong kakayahan sa pag-iisip at teknikal.Gaya ng sinabi nina Amin at Mirza (2020) ang mag-aaral at guro sa edukasyon online ay mas mahusay sa paunang paghahanap at paggamit ng magkakaibang mga e-tool para sa pakikipagtulungan at pagsubok ng data. Ang mga resulta ng data na ipinapakita sa bahaging ito ay nagpapahayag na ang mga mag-aaral ng practice teaching ay may positibo na pagkonekta sa mga kasanayan sa digital na komunikasyon. Ayon kay Morrison (2018) ang copyright ay isa na ngayong hindi matatakasan na aspeto ng pananaliksik kapag gumagamit ng mga digital na teknolohiya, at samakatuwid ang kamalayan dito ay isang pangunahing bahagi ng digital literacy. Ang mga estudyante ay tinuturuan na suriin at tantiyahin ang kredibilidad

nang impormasyon na kanilang natagpuan online (List, 2019). Ang copyright ay mahalaga sa pagbibigay ng proteksyon sa nalikha nang mga may-akda.

Ito'y nagbibigay eksklusibong karapatan ng may-akda na kontrolin ang pag-reproduce, pag-distribute, pag-display, at pag-perform ng kanilang gawain. Ang copyright ay naghahatid-inspirasyon sa mga tao na lumikha ng bagong ideya at likha. Ngunit, may mga alituntunin na dapat sundin para sa paggamit ng mga copyrighted na materyal. Kailangan ng pahintulot o lisensya mula sa may-akda. Ayon naman kay Reedy & Parker, Facet (2018) mga ugnayan sa pagitan ng copyright at digital literacy, tinatalakay ang ideya nang panuntunan sa panganib na mga kontekstong institusyonal. Bilang karagdagan, ibinubuod nito ang diskarte ng may-akda sa edukasyon sa copyright gamit ang mga laro at iba pang malikhaing diskarte. Binibigyang diin nya na ang pagtutok sa copyright sa larangan ng digital literacy ay hindi lang sa pagsunod sa batas, regulasyon, at pati na rin ang pag-unawa sa etika ng moralidad ng paggamit ng mga impormasyon. Ayon kay Nabhan 2021, karamihan sa mga kalahok na guro sa pre-service ay natagpuang kulang sa kamalayan ng kritikal na pag-iisip sa digital na kultura tungo sa digital literacy sila ay lumilitaw na nagtataglay ng mga kakayahan sa paghahanap ng impormasyon, komunikasyon at mga kasanayan sa pagganap. Ilan sa mga guro ay hindi pa lubusang nasasanay sa teknolohiyang ito o maaaring kulang sa access sa mga kagamitang digital sa kanilang paaralan. Mahalaga ang pagsasanay at suporta mula sa mga paaralan at institusyon upang mapabuti ang kanilang digital literacy at paggamitng teknolohiya sa pagtuturo. Ayon kay (Tetep, 2019), ang karunungang bumasa't sumulat ay nakabatay ng kakayahan sa isang tao upang maghatid nang impormasyon sa angkop na paraan sa publiko. Ang mga katangian nang tao at mga kasanayan sa lipunan ay nagbibigay ng isang malinaw na gawain na ang kakayahang gumamit ng media ay nagsisilbing isang tagapag-isa at tagapagpalakas ng sangkatauhan alinsunod sa pagkakaiba-iba ng lipunan. Ayon naman ni Dewi, Hamid, Annisa, et al., (2021) nilalayon ng digital literacy na bumuo at pataasin ang motibasyon ng estudyante sa mga aktibidad sa pag-aaral, upang makapag-isip ang mga mag-aaral nang kritikal at malikhain, at mapataas ang aktibidad ng mag-aaral. Ayon kay (Giannikas, 2020), ipinapahiwatig niya na, maaaring magsimula ang digital literacy sa mahusay na paggamit ng mga digital na tool at teknolohiya ng komunikasyon ngunit hindi ito titigil doon.

Ito ay isang kumplikadong hanay ng mga kasanayan na kinabibilangan ng kaalaman, pag-unawa, aplikasyon at pagmuni-muni. Ayon kay (Tsybulsky,2019), ang pagkakaroon ng ugnayan sa estudyante sa pagsasagawa nang digital curation nagdudulot sa atin ng isang hakbang sa mas malapit na pagkamit ng layuning ito. Ayon kay Wineburg at McGrew (2019) ang pagpapakialam sa mga estudyante upang lumikha nang kanilang personal o kolaboratibong koleksyon ng nilalaman ay mahalaga sa pagtulong sa kanila na ang kasanayan ay pahalagahan sa pagsasaayos pati na rin ang paglikha ng personal na pag-aalaga sa pakikisangkot sa propesyonal na itinatampok na mga koleksyon ng impormasyon. Ito’y kinakailangan upang mapanatili ang seguridad, integridad ng impormasyon, at tamang paggamit ng mga kagamitang digital. Ang regular na pag-update, pag-backup ng datos, at pag-iingat sa online privacy ay mahalaga para sa pangangalaga ng digital na kapaligiran. Ayon kay (Akayoğlu et al., 2020), ang kasanayan sa pakikipagtulungan na nakabatay sa gawain ay mga kasanayan na maaaring mapabuti ang digital literacy sa mga mag-aaral na undergraduate, dahil sa dalas ng paggamit ng kasanayan sa pakikipagtulungan sa paggawa ng mga gawain, mapapabuti nila ito. Ang digital literacy ay lubos na mahalaga sa practice teaching sapagkat nagbibigay ito ng kakayahan ng isang guro na maunawaan at gamitin ang mga teknolohiyang pang-edukasyon. Ayon nina Amin at Mirza (2020) ang mag-aaral at guro sa online na edukasyon ay mas mahusay sa paunang paghahanap at paggamit ng magkakaibang mga e-tool para sa pakikipagtulungan at pagsubok ng data. Ang paggamit ng teknolohiya ay magkakaroon ng sapat na kaalaman upang maging bihasa ang mga practice teaching na pag-aaral sa paggamit at mabilis na pag-access sa mga mahahalagang impormasyon na pwedeng gamitin sa kanilang pagtuturo, dahil kapag ang isang guro ay malawak ang kanyang kaalaman. Ayon kay Walters Gee, and Mohammed (2019) ang mga kasanayan sa digital literacy sa hindi pag-unawa lamang sa tungkulin ng teknolohiya, ngunit ang aplikasyon ng kaalaman at kasanayan gamit ang teknolohiya sa iba't ibang sitwasyon.

Sa pamamagitan ng pagtulong ng mga estudyante na ipatupad ang kanilang natutuhan, inihahanda ng mga guro ang mga mag-aaral upang magawa ito ilipat ang kanilang kaalaman at kasanayan sa hinaharap na mga karanasan sa digital literacy. Ayon kay (Lestari, Siskandar & Rahmawati, 2020) ang digital literacy ay hindi lang nakatuon sa kakayahang gumamit ng mga digital resources, pati na rin sa kakayahang epektibong mag-isip tungkol sa impormasyong nakuha mula sa multimedia sources. Ayon kay (Karla 2019) ang pagiging mataas ng antas na pakikipagtulungan sa kolaborasyon na pagkatuto ay nagbibigay pahayag na ang mga mag-aaral sa practice teaching ay handang magtulungan at magbahagi ng kaalaman at karanasan sa digital na konteksto. Ang digital literacy ay naglalaman ng

kasanayan na maaring makapagturo ng mga tao sa maayos na pagsusuri at husgahan ang impormasyon mula sa iba't ibang digital na mapagkukunan. Ito ay kasama ang kakayahang tinutukoy ang kalidad at kasalukuyang kahalagahan ng impormasyon. Ang digital literacy ay isang pundasyon ng mga kasanayan na itakda sa modernong panahon. Ang epekto nito ay sumasaklaw sa mga aspeto nang ating buhay, naging bahagi na ang edukasyon, trabaho, komunikasyon, pag-access sa impormasyon, pakikipag-ugnayan sa lipunan, paglutas ng problema, kalusugan, at pakikipag-ugnayan.

## Paraan ng Pananaliksik:

### Disenyo ng Pananaliksik

Ito ay isang kwantitatib na deskriptibong disenyong pagpapapaliwanag ng sagot at mga katanungan hinggil sa mga totoong sitwasyon ng buhay sa mundo. Ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik sa survey ay ginamit sa pagpapahayag ng mga indibidwal, pangyayari o kalagayan sa pag-aaral ng paksa sa kalikasan gaya nang binanggit ni Asio (2021). Ang pamamaraang ito ay nakikita bilang angkop para sa panana na ito ang pagiging epektibo nang pagsasama sa problema nang totoong buhay ng matematika sa mga pananaw**.**

### Pinagmulan ng Datos

Pinili ng mga mananaliksik ang Mandaue City College dahil angkop ang pagsaliksik na sukatin ang mga datos na mahihinuha. Sa pagpangalap nang datos ay isinasaalang-alang at sinuri din upang makahanap ng mga interbensyon upang makatutulong ang pagganap sa mga estudyante nang paaralan bilang pagtukoy sa mga problema na humahantong sa mahinang pagganap at maghanap ng interbensyon mga programa upang mapabuti ang pagganap ng estudyante sa paaralang ito.

### Respondente sa Pananaliksik

Ang magiging respondante sa pagsisiyasat nito ay mga estudyante sa ikaapat na baitang, opisyal na naka-enrol sa Mandaue City College sa ikalawang semestre ng School Year 2023-2024 partikular mula sa Paaralan ng Edukasyon. Pinili lamang ng mananaliksik ang iilang estudyante na magtatapos ngayon at sila'y purposively na pinili sa kadahilanang ang paksa ay iniaalok lamang sa ikalawang semestre at ito ay naka-enroll sa isang paksa ng Practice Teaching kung saan nakatuon ang pagsisiyasat. Mayroong isang daan at apat (104) na kabubuan ng respondante mula sa apat na programa sa kolehiyo ng edukasyon ng paaralan, upang matiyak na wastong ang kabuuang kukuning respondante pinili lamang ng mananaliksik, sila ay purposively dahil ang paksa ay iniaalok lamang sa ikalawang semestre at ito ay naka-enroll sa isang asignaturang Practice Teaching kung saan nakatutok ang pag-aaral. Ang aksidente o incidental isang uri nang sampling kung saan- saan kumukuha ang isang mananaliksik ng iba't ibang impormasyon galing sa nahuhulog na kamay o kasalukuyang pananaliksik.

### Instrumento ng Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay gumagamit nang purposive at cluster sampling, sapamamagitan nang paggamit nito ang mananaliksik, maaaring makakuha sila nangpartisipante na may tiyak na katangian na kaugnay sa layunin ng pananaliksik at grupongnagpapakita nang interes sa kani-kanilang pagsisiyasat. Ito'y nangangailangannangdatos upang maging mataas ang kahalagahan at kaugnayan sa layunin ng pananaliksik. Ang purposive sampling ay nagpapahiwatig ng mananaliksik na pumili nangmgarespondente ng may pag-iingat sa pagpili. Ayon kay Campbell et.al (2020) Ang purposive sampling ay may mahabang kasaysayan ng pag-unlad at mayroongkasingdaming pananaw na ito ay simple at prangka tulad ng tungkol sa pagiging kumplikadonito. Ang dahilan para sa purposive sampling ay mas mapahusay ang pagkaka-tugmanang sample at layunin, kaya minabuti ng higpit ang pag-aaral at pagigingmapagkakatiwalaan ng data at mga resulta

### Paraan ng Pagkalap ng datos

Sa mga tagapagsaliksik, nagsagawa nang title proposal matapos makapili ng tiyak na paksang pag-aaralan. Pagkatapos ma-approve ang pamagat, ay naghanap ng mga libro o websites na may kaugnayan sa paksang napili. Sunod Aginawa matapos na palakasin ang sakop, ito'y ginawang panimula ng mga mananaliksiksa paghahanap nang standardized test questionnaire na angkop at tiyak na makakuhang mga impormasyon na kinakailangan sa pagbuo ng pagsisiyasat nito. Kung napagtibayang paghingi nang pag-apruba sa sarbey nang mga katanungan, gagawa ng lihampahintulot ang nasabing respondante sa pagsisiyasat. Kung nakumpirma maaaring humingi nang pahintulot, at magpapatuloy sa pagsasagawa ng sarbey sa mga nag practice teaching sa taong 2023-2024 namgaestudyante. Mangyayari ito sa pamamagitan nang online sarbey. Nakapaloob sa online survey tungkol saan ang pagsisiyasat at anong layunin nito. Bago simulan ang pagsagot sa talatanungan, ang mga respondante ay kinakailangan muna na lagdaan angconsent form na nakapaloob din sa online survey upang matiyak na may pahintulot sa kanila na gamitin sa pananaliksik ang kanilang kasagutan. Ang mga makalap na impormasyon mula sa sarbey ay kokolektahin, at lahat ng resulta ay bibigyan ng interpretasyon ayon sa kanilang kasagutan, at magigingbatayan para sa konklusyon at gagawing rekomendasyon. Titiyakin ng mga mananaliksik na burahin ang google form na ginamit upang maitago at masiguradong ligtas ang mga pribadong impormasyon. Ang pag-iingat sa mga impormasyon na nakalap ay pinapakitaang kaligtasan at integridad datos. Sa pamamagitan nang pag-iingat sa bawat impormasyon na nakalap, binibigyan sa mga mananaliksik nang pag papahalaga sa kaligtasan at integridad nang kanilang ginamit sa pagsisiyasat.

**Pamamaraan sa Pagsusuri ng Datos**

Ang mananaliksik ay gumagamit nang pamamaraang estadistika sa pagkalap ng datos para masuri ang kakayahan sa digital literacy nang mga estudyante sa practice teaching, nang sa ganoon malaman ang antas sa kaalaman sa kasanayang digital. Ang mga mananaliksik ay magpapatuloy nang paggamit sa mga simpleng porysento para makuha ang hanay ng datos

**Mga Natuklasan at Talakayan:**

**Komunikasyon**

Ang seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mgamag-aaral sa komunikasyon bilang isang kasanayan sa digital literacy**.**

**Talahanayan 2**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 1. Madali kong mababasa ang nilalaman online mula sa screen. *(Dali ra nako mabasa ang mga sulod sa online gikan sa screen.* | 3.90 | Sumasang-ayon |
| 2. Mas gusto kong mag-print ng mga babasahing materyales online para sa mas mabuting pagbasa. *(Mas gusto nako nga mag-print sa basahon nga materyales online para sa mas maayo nga pagbasa.)* | 3.75 | Sumasang-ayon |
| 3. Mabilis akong mag-type gamit ang parehong kamay. *(Maka-type dayon ko gamit ang duha ka kamot.)* | 3.85 | Sumasang-ayon |
| 4. Alam ko kung paano magsulat ng pormal na mga email. *(nahibaw-an ko unsaon pagsuwat ang pormal nga mga email.)* | 3.75 | Sumasang-ayon |
| 5. Ako ay maalam sa pagpapadala ng mga email at mga pagpipilian sap ag-format. *(Nahibaw-an ko pag-ayo ang bahin sa pagpadala sa email ug mga kapilian sa pag-format.)* | 3.75 | Sumasang-ayon |
| 6. Nakikipag-ugnayan ako sa pamamagitan ng online na tawag sa audio-video. *(Makig-interact pinaagi sa online audio-video call.)* | 3.78 | Sumasang-ayon |
| 7. Ang pakikinig sa online gamit ang headphone at speakers ay nakakabagabag sa akin. *(Ang pagpaminaw sa online pinaagi sa headphone ug speaker hasol alang kanako.* | 2.83 | Nag-aalinlangan |
| WEIGHTED MEAN | 3.66 | Sumasang-ayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ang pangalawang talahanayan ay nagpapakita na anim sa pitong pahayag ay may parehong interpretasyon na sumasang-ayon at ang isa ay nag-aalinlangan. Ang pinakamataas na marka sa resulta ay 3.85 na may interpretasyon na sumasang-ayon. Sa kabilaan, ang mga respondente ay nagpapakita na madali lang nilang mababasa ang mga nilalaman online mula sa screen at mayroon ng sapat na kaalaman at kasanayan ng komunikasyon kaugnay sa digital

literacy. Gaya ng itinampok ni Abbas et al. (2019) sa kanilang pag-aaral, ang digital literacy ay may relasyon sa kasanayan nang komunikasyon, pananaliksik, at kumpiyansa ng mga mag-aaral; gayunpaman, mayroon itong di-materyal na epekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral na sinusukat ng Cumulative Grade Point Average (CGPA). Sa komunikasyon mas naging alam na nila ang mga kasanayan sa pakikipag- ugnay sa mga online na kagamitan mas nauunawaan nila ang mga nakalagay sa mga screen. Sa pamamagitan ng mahusay na pakikipagkomunikasyon, ang mga guro sa practice teaching ay may wastong kaalaman. Ito rin ay nagbibigay-daan sa kanila na masuri at malutas na mga suliranin sa pagtuturo upang makabuo ng mahusay na ugnayan sa kanilang esdtudyante at sa komunidad sa paaralan.. Ang mga esdtudyante na merong malalim na pag-unawa tungkol sa komunikasyon ay may mataas na kompyansa sa sarili at kakayahan sa pagsusuri ng mga impormasyon online. Ang may pinakamababang marka ay 2.83 na mayroong interpretasyon na nag- aalinlangan.

Ang respondente ay may katamtamang sanay sa pakikinig sa pamamagitan ng online na plataporma, sapagkat hindi ito naayon sa kanilang mga sarili gamit ang headphone at speaker. Ipinahayag ni, Bilbao et al., 2019, ang guro at mag-aaral ay hindi lamang dapat marunong sa paggamit ng mga digital na kasanayan, kundi dapat ding maunawaan kung paano gamitin ang impormasyon at teknolohiya upang maghanap, suriin, lumikha, at magbahagi ng kaalaman, na nangangailangan ng parehong kakayahan sa pag-iisip at teknikal.Ang online na pagtuturo ay maaaring magdulot ng ilang hamon sa mga guro, lalo na sa pakikinig. Ang mga hadlang tulad ng teknikal na isyu, kahinaan sa internet, at kawalan ng direkta at personal na interaksyon ay maaaring magdulot ng pagkabigo sa pagpasa ng mensahe at pagtukoy ng pangangailangan ng mga mag-aaral. Kung sakaling hindi madaling ma-access ang mga respondent sa pamamagitan ng internet, maaari itong maging isang mahirap na proseso dahil hindi sila maililipat sa ibang mga lugar. Bukod pa riyan, ang sistema o teknolohiya ay maaaring madaling matabunan ng napakaraming impormasyon. Hindi nakumpleto ng mga respondent ang mga tanong sa survey para sa online na bersyon. Sa kasanayan sa komunikasyon, ang mga mag-aaral na ito ay hindi lamang nakakaiwas sa pagpapalaganap ng maling impormasyon, kundi sila rin ay nagiging mahusay na tagapagtaguyod ng tamang kaalaman at pag-unawa ng mga mensahe ay naglalagay sa kanila sa posisyon na maging lider at tagapagtaguyod ng wastong komunikasyon sa online at offline na mga plataporma.

**Copyright**

Ang seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mgamag-aaral sa copyright bilang isang kasanayan sa digital literacy.

**Talahanayan 3**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 8. Ako ay may alam sa patakaran ng plagiarism online ng aking institusyon. (*Nahibaw-an ko ang polisiya sa online plargiarism sa akong institute.*) | 4.03 | Sumasang-ayon |
| 9. Alam ko ang kahihinatnan ng paggamit ng gawa na may karapatang-ari nang walang pahintulot. (*Nahibaw-an ko ang mga sangputanan sa paggamit sa copyright nga buhat online nga wala'y pagtugot)* | 4.14 | Sumasang-ayon |
| 10. Binibigyan ko ng pagkilala ang mga sanggunian sa aking ginawa online habang gumagamit ng panggagaya. (*Naghatag ako ug mga pag-ila / pakisayran sa akong online nga trabaho samtang naggamit og kolusyon (pagkopya gikan sa mga kauban nga estudyante).* | 3.98 | Sumasang-ayon |
| 11. Ginagamit ko ang Turnitin o iba pang katulad na software upang suriin at maiwasan ang di-sinasadyang plagiarism *(Gigamit nako ang Turnitin o uban pang susama nga software sa pagsusi ug paglikay sa dili tinuyo nga plagiarism. )* | 3.80 | Sumasang-ayon |
| WEIGHTED MEAN | 4.00 | Sumasang-ayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ang kabuuang weighted mean ay 4.00 na mayroong interpretasyong sumasang-ayon. Ito ay nagpapakita ng lahat sila ay may sapat na kaalaman at kamalayan sa sarili samga software na maaring magamit sa hindi inaasahan o sinasadyang plagiarism. Ayon kay Morrison (2018) ang copyright ay isa na ngayong hindi matatakasan na aspeto nang pananaliksik kapag gumagamit nang mga digital na teknolohiya, at samakatuwid ang kamalayan dito ay isang pangunahing bahagi ng digital literacy. Dito ipinapahiwatig ang kamalayan, na ang copyright ay isang pundamental

International Multidisciplinary Journal of
Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
Published by RISEJOURNALS.ORG


dahil ito ay isang pangunahing aspeto ng kasanayan na dapat taglayin ng bawat indibidwal lalo na sa mga mag-aaral na maging guro na sa hinaharap.

**Kritikal napag-iisip**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip bilang isang kasanayan sa digital literacy.

**Kritikal napag-iisip**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip bilang isang kasanayan sa digital literacy.

**Talahanayan 4**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 12. Ang aking Unibersidad ay nagtatalaga sa akin ng online na mga gawain na may kinalaman sa mga tunay na problema sa buhay. (*Ang akong unibersidad nag-assign kanako sa mga online nga kalihokan nga may kalabutan sa tinuod nga problema sa kinabuhi.)* | 3.70 | Sumasangayon |
| 13.Ako ay may kakayahan na makahanap ng iba't ibang impormasyon online at isama ang mga ito upang malutas ang isang problema. (*Nakapangita ko og lain-laing mga piraso sa impormasyon online, ug gihiusa kini aron masulbad ang usa ka problema.*) | 3.87 | Sumasangayon |
| 14.Mayroon akong reflective journal online na isusulat. (*Naa koy online reflective journal nga isulat.)* | 3.37 | Nagaalinlangan |
| WEIGHTED MEAN | 3.65 | Sumasangayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ang talahanayang ito ay nagpapakita na ang dalawang pahayag ay may parehong interpretasyon na sumasang-ayon at ang isang pahayag ay nag-aalinlangan. Angpinakamataas na weighted mean ay 3.87 na mayroong interpretasyon na sumasang-ayon. Sumasang-ayon ang datos sa pag-aaral ni (Nabhan, 2021), karamihansamgakalahok na guro sa pre-service ay natagpuang kulang sa kamalayan ng kritikal na pagiisip at digital na kultura tungo sa digital literacy sila ay lumilitaw na nagtataglay ng mga kakayahan sa paghahanap ng impormasyon, komunikasyon sa pagganap. Ang mahusayna mag-aaral sa practice teaching ay kailangang magpakita ng malalimna pag-unawaat mataas na komprehensyon subalit may ilan parin na hindi nakakaintindi o walang masyadong alam sa paggamit nang plataporma online.

Ang mga respondente ay nagpapakita na mataas ang kanilang kompiyansa sa sarili na maghanap ng kanilang mga ibang impormasyon online at pagsasamahin ito upang malutas ang isang problema. Mayroon na silang sapat na kaalaman, kakayahan at mabuting kasanayan sa kritikal na pag-iisip kaugnay sa digital literacy. Ang kritikal napag-iisip ay isang mahalagang kasanayan na dapat taglayin ng mag-aaral para samas malawakang pagkatuto at pagkalap ng mga bagong kaalaman hinggil sa teknolohiya o sa mga plataporma online.

**Karakter**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag- aaral sa karakter bilang isang kasanayan sa digital literacy.

International Multidisciplinary Journal of
Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
Published by RISEJOURNALS.ORG


**Karakter**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa karakter bilang isang kasanayan sa digital literacy.

**Talahanayan 5**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 15.Sa online ng mundo, hindi ko ginagamit at iniikot ang personal na impormasyon, litrato, usapan, atbp, nang wala ang kanilang pahintulot. *(Sa online nga trabaho, dili ko mogamit ug magpaambit sa pagsulat uban pang personal nga impormasyon, mga hulagway nga panag-istoryahanay ug uban pa, nga wala ang ilang pagtugot.)* | 4.00 | Sumasangayon |
| 16.Iniwasan kong mag-post ng negatibong komento online at makialam sa mga diskusyon at usapan ng iba. *(Gilikayan nako ang pag-post og negatibo nga mga komento sa online ug pagapil sa mga panaghisgot ug pag-chat sa uban.)* | 4.10 | Sumasangayon |
| 17.Nanatili akong neutral at tolerant sa panahon ng pag-uusap online. *(Nagpabilin ko nga neyutral ug matugoton panahon sa online nga mga diskusyon.)* | 3.90 | Sumasangayon |
| WEIGHTED MEAN | 4.00 | Sumasangayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 NA, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ipinapakita ng talahanayang ito na lahat ng pahayag ay may parehong interpretasyong sumasang-ayon. Ang pina-kataas na weighted mean ay 4.10 at ang pinakamababa ay 3.90namayparehong interpretasyong sumasang-ayon. Ang mga respondente ay nagpapakita na mayroon silang mabuting asal, ang pagkakaroon ng respeto o pagpapahalaga saiba, iniiwasan nila ang pag-post ng mga negatibong komento online at ang makialamsa iba. Gaya ng itinampok ni (Tetep, 2019), ang karunungang bumasa't sumulat ay nakabatay sa kakayahan ng tao na maghatid nang impormasyon na angkop na paraan sa publiko.

Ayon kina Dewi, Hamid, Annisa, et al., (2021) Nilalayon ng digital literacy na bumuo at pataasin ang motibasyon ng mag-aaral sa mga aktibidad sa pag-aaral, upangmakapag-isip ang mga mag-aaral nang kritikal at malikhain, at mapataas ang aktibidad ng mag-aaral. Ang resulta sa talahanayan na ito na nagpapahiwatig ang mga mag-aaral sapractice teaching ay nagpapahalaga sa kanilang mga karakter, ang mga mag-aaral aynapakahusay sa paggamit ng digital media. Ang digital literacy sa karakter sa edukasyon ay may nakapahalagang papel sa pag-unlad ng teknolohiya.

**Relasyon sa kagamitan ng digital**

**Relasyon sa kagamitan ng digital**

Ang kabuuang weighted mean ay 4.0 na may interpretasyong sumasang-ayon

**Talahanayan 6**

| **Particulars** | **Mean** | **Deskriptor** |
|---|---|---|
| 18. Ako ay nakikipag-ugnayan sa iba sa isang marangal na paraan habang gumagamit ng teknolohiya.<br>*(Nakigkomunikasyon ako sa uban sa respetadong paagi samtang naggamit sa teknolohiya.)* | 4.18 | Sumasangayon |
| 19. Alam ko ang kahihinatnan ng paglabag sa batas sa mundo ng digital.<br>*(Nahibal-an ko ang mga sangputanan sa paglapas.)* | 4.10 | Sumasangayon |
| 20. Tinatanggap ko at sinusunod ang mga tuntunin at kondisyon para sap ag access sa anumang impormasyon<br>*(Gidawat ug gisunod nako ang mga termino ug kondisyon sa pag-access sa bisan unsang impormasyon.)* | 4.18 | Sumasangayon |
| 21. Pinapahalagahan ko ang mga pagkakaiba-iba sa kultura sa mundo ng online at mga tumutugon ayon dito.<br>*(Gitahod nako ang mga kalainan sa kultura sa online nga kalibutan, ug gitubag kini.)* | 4.23 | Lubos na Sumasangayon |
| WEIGHTED MEAN | 4.17 | Sumasangayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 NA, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ipinapakita sa talahanayang ito na tatlo sa apat na pahayag ay may parehong interpretasyong sumasang-ayon at ang isa ay higit na sumasang-ayon. Pinakamataas na weighted mean ay 4.23 na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Isa sa pinakamahalagang taglayin ng maga mag-aaral sa practice teaching ay ang pagkakaroon ng sapat na kakayahan at kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa epektibong paraan ng pagkatuto at pagtuturo. Sumasang-ayon ang datos sa pag-aaral ni (Giannikas, 2020), ipinapahiwatig niya na, maaaring magsimula ang digital literacy sa mahusay na paggamit ng mga digital natool at teknolohiya ng komunikasyon ngunit hindi ito titigil doon.

Pinatunayan ng pananaliksik hanggang ngayon na ang digital literacyat self regulated learning ay may malapit na koneksyon sa mga tuntunin ng pagkuhang kaalaman. Gaya ng sinabi ni Demir (2019) na ang paggamit ng digital information and communication technologies (ICTs) bilang tool para sa pag-aaral nang out-of-classaykaraniwan na ngayon sa mga mag-aaral ng ika-21 siglo. Ang pinakamataas na weightedmean ay 4.23 mayroong interpretasyong lubos na sumasang-ayon, nagpapahayag sareulta na ang estudyante sa practice teaching ay nagpapakita ng paggalang sa pagkakaibaiba sa kultura nang mundo online, ang mga estudyante sa practice teaching ay magiging mas epektibo sila sa pagututuro at pagpapamahala ng kanilang mga klase.

Ang mga respondente ang average na marka ng mga tugon mula sa mga respondante tungkol sa relasyon sa kagamitang digital sa mag-aaral, may kabuuang 4.17 na may katumbas na antas nang sang-ayon. Ito ay nagpapahayag sa mga tugonngmga estudyante na maayos at responsible na paggamit ng teknolohiya. Lahat ng item sa talahanayan 6 na antas nagpapakitang positibong aspeto sa mga iba't-ibang respondanteng kagamitang digital. Ito ay isang komplikadong hanay ng mga kasanayan na kinabibilangan ng kaalaman, sa pag-unawa, at aplikasyon. Pinapahiwatig nito ang pagbibigay-diin ng masusing pagsasanay at kaalaman hindi lamang sa pangunahing paggamit ng digital tool kundi pati na rin sa aspeto ng digital literacy. Ang sapat nakasanayan sa paggamit ng teknolohiya ay isang masusing pag-aaral kailangan na may sapat na kasanayan pagmumuni-muni at pag-unawa sa kahalagahan ng paggamit ngdigital tool sa pagtuturo ito ay may hanay na kailangan gawin upang mas maging epektibo ang pakikipag kumunikasyon sa kanilang mga mag-aaral.

**Pangangalaga ng mga kagamitang digital**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa pangangalaga ng mga kagamitang digital bilang isang kasanayan.

**Talahanayan 7**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 22. Naghahanap ako ng materyal mula sa kilalang website *(Nangita kog materyal gikan sa iladong mga website.)* | 4.03 | Sumasangayon |
| 23. Sinusubukan kong magdagdag ng halaga sa mga umiiral na impormasyon na makukuha online. *(Naningkamot ko sa pagdugang og bili sa kasamtangan nga mga piraso sa Impormasyon nga anaa online.)* | 4.00 | Sumasangayon |
| 24. Nagbibigay ako ng aking ambag sa pagdagdag at pag-update ng impormasyon online *(Gebuhat nako ang akong bahin sa pagdugang, ug pag-update sa online nga impormasyon.)* | 3.70 | Sumasangayon |
| WEIGHTED MEAN | 3.91 | Sumasangayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ang resultang ito ay nagpapakita na lahat ng pahayag ay may parehong interpretasyon na sumasang-ayon. Ang pinakamataas na weighted mean ay 4.03 ay mayroong interpretasyong sumasang-ayon. Sa kabilaan, ang mga respondent ay nagpapahiwatig na mataas ang kanilang kompiyansa sa sarili sa pamamagitan ng paghahanap ng impormasyon o materyal mula sa mga kilalang websites. Gaya ng itinampok ni (Tsybulsky, 2019), ang pakikipag-ugnayan samgaestudyante sa pagsasagawa ng digital curation nagdudulot nang isang hakbang na mas malapit sa pagkamit ng layuning ito. Dahil dito, ang mga layunin ay dapat ay isangmasmalapit na hakbang o elemento sa proseso na makatutulong sa mga estudyante sama sepektibong pagtataguyod nang digital impormasyon. Ang pangangalaga ng kagamitan sa digital ay isang mahalagang kasanayan sa digital na kailangang taglayin ng mgamag- aaral upang magkaroon ng mas malawak na kaalaman sa mga pribadong impormasyon, at mas mapaghusay nila ang kanilang kasanayan batay ditto.

**Pagkakaugnay**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa pagkakaugnay bilang isang kasanayan sa digital literacy.

**Talahanayan 8:**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 25. Ako ay kasali sa ib't ibang komunidad online para sa boluntaryong pagtrabaho. *(Naapil ko sa lain-laing mga online nga komunidad alang sa boluntaryong trabaho.)* | 3.35 | Nag-aalinlangan |
| 26. Ako ay nakikilahok sa iba't ibang proyekto online sa pambansang antas. *(Miapil ko sa lain-laing mga online nga proyekto sa nasyonal nga lebel.)* | 2.95 | Nag-aalinlangan |
| 27. Ako ay aktibong interesado sa iba't ibang kampanya para sa pagpapaunlad ng komunidad. *(Aktibo ako nga interesado sa lain-laing mga online nga kampanya alang sa pagpalambo sa komunidad.)* | 3.80 | Sumasang-ayon |
| 28. Ako ay aktibong nakikilahok sa mga online na poll/survey. *(Aktibo ko nga miapil sa online polls/surveys.)* | 3.80 | Sumasang-ayon |
| 29. Ako ay nagbibigay ng suporta at tulong sa aking komunidad na mag-post ng kanilang mga problema at isyu sa social media upang makakuhang pansin. *(Gidasig ug gitabangan nako ang akong komunidad nga i-post ang ilang mga problema ug isyu sa social media aron makuha ang atensyon)* | 2.80 | Nag-aalinlangan |
| WEIGHTED MEAN | 3.34 | Nag-aalinlangan |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ipinapakita sa talahanayang ito na ang dalawang pahayag lamang ang may parehong interpretasyon na sumasang-ayon at ang tatlo ay nag-aalinlangan. Ang may pinakamataas na marka ay 3.80 na may interpretasyong sumasang-ayon. Itoaynagpapahiwatig na ang respondente ay mayroon nang kakayahan sa pagiging aktibo sa pakikilahok at pakikipag-ugnay sa mga plataporma online. Ayon kay (O'Brien et al., 2010)ang estudyante sa practice teaching, ang mga hadlang kung minsan ay nakikilala ay ang paggamit sa mga site at para sa ilang uri nangproyekto ay ilang mga boluntaryo ay walang kaalaman na kinakailangan, o tiwalasakanilang mga kakayahan. Ang pagkakaroon nang tamang suporta, pagsasanay ng mga boluntaryoaymahalaga upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at mapalakas angkanilang kumpiyansa at kakayahan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa proyekto at matugunan ang kanilang mga pangangailangan at mapalakas ang kanilang kumpiyansa sa sariling kakayahan. Ang pagbibigay ng suporta at tiwala sa bawat boluntaryo, sila ay magkakaroon ng lakas ng loob at determinasyon na harapin at matagumpayan ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa proyekto. Ang pagtitiwala sa kanilang kakayahan ay nagbibigay ng inspirasyon at motibasyonsakanila upang magpursige at magtagumpay sa anumang hamon o suliranin na kanilanghinaharap.

Maaaring may mga agam-agam sila hinggil sa kanilang kakayahan na makipag-ugnayan sa mga propesyonal o eksperto sa kanilang larangan, o maaaringhindi sila komportable sa pag-access sa mga website o teknolohiya na kinakailangan parasamga proyektong ito. Subalit sa tamang suporta, pagsasanay, at tiwala nang mga kasamahan at tagapamahala, maaaring malagpasan ng bawat boluntaryo ang mga agam-agam at kawalan nang kumpiyansa. Ang pagtitiwala at suporta mula sa kanilang kapwa boluntaryo at mga lider ay magbibigay sa kanila ng lakas ng loob at inspirasyonupangharapin at malampasan ang anumang mga hadlang at hamon. Sa pagtitiwala sa kanilangsarili at sa kanilang mga kapwa, magkakaroon sila ng kumpiyansa na kanilang kayang magtagumpay at magampanan nang maayos ang kanilang mga tungkulinat responsibilidad sa proyekto.

**Pagkamalikhain**

Sa seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa pagkamalikhain bilang isang kasanayan sa digital literacy.

**Talahanayan 9**

| Partikular | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 30. Sumusulat ako nang mga blog online na nagbibigay ng bagong ideya at pananaw. (*Nagsulat ko online blogs nga naghatag ug bag-ong mga ideya ug mga panglantaw.*) | 2.70 | Nagaalinlangan |
| 31. Gusto kong mag-post ng bagong impormasyon sa aking sosyal medya accounts. (*Ganahan ko magpost ug bag-ong impormasyon sa akong social account*) | 3.00 | Nagaalinlangan |
| 32. Binubuo ko ang aking sariling mga video at ini-post ko ito online. (*Nag-develop ko sa akong kaugalingon nga mga video ug gi-post kini online.*) | 3.10 | Nagaalinlangan |
| 33. Mayroon akong malikhaing idea ngunit hindi ko alam kung paano gamitin ang mga ito online. (*Duna koy mamugnaong mga ideya apan wala ko kahibalo unsaon paggamit niining online.*) | 3.10 | Nagaalinlangan |
| WEIGHTED MEAN | 3.00 | Nagaalinlangan |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ang pang-siyam na talahanayan ay nagpapakita na lahat ng pahayag ay may parehong interpretasyon na nag-aalinlangan. Pinahusay ng digital na kaalaman ang digital literacy sa mga undergraduate na estudyante bilang pinakamahalagang salik. Ito ay dahil sa digital na kaalaman ay mga pangunahing konsepto para sa pagpapahusay ng digital literacy (Peled, 2021; Techataweewan & Prasertsin, 2018; Umut Zan et al., 2021) ngunit bihira tayong makakita ng patayong diskarte kung saan ang sistema ay ipinapakita bilang isang buo. Ang pinakamataas na markang resulta ay 3.10 na mayroong interpretasyong nag-aalinlangan. Ito ay nagpapahayag na ang mga estudyante sa practice teachingay mayroong mga malikhaing ideya ngunit hindi nila ito maipapahayag ng maayos onlinesapagkakamalikhaing pamamaraan. Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay mayroon lamang

katamtamang kakayahan na makabuo ng talatang may maayos na organisasyon sa pagpapahayag ng ideya sa paggamit ng multimedia. Sa pahayag na ito masasabi na may mga mag-aaral pa na nahihirapan sa pagbuo ng kanilang mga nais na ipahayag sa mahusaynapagkakasunod-sunod ng mga ideya. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay kailangan sanayin ang mga sarili na gumawa ng mas makabuluhan at mainamna tingnan hindi yung gagawa ka nalang ng walang pagsisikap.

Ang pinakamababang weighted mean ay 2.65 na may interpretasyon nanag-aalinlangan kung saan nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may katamtamanlamang na kakayahan sa pagbuo ng mga sariling ideya o opinyon, hinggil dito, silaaywalang kompyansa o tiwala sa sariling kakayahan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga blogs online at kung paano pagandahin at palawakin ang kanilang mga kaalaman sa malikhaing pamamaraan. Ayon kay (Ala-Mutka, 2011) hindi lahat ng kabataan ay may pantay na pagkakataon upang ganap na gumamit ng mga digital na teknolohiya dahil sa iba't ibang panlipunan at kultural na mga kadahilanan, kakulangan ng interes at kumpiyansa o suporta sa lipunan. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay kailangan sanayinsapaggawa at pag-access sa mga plataporma online sa masining, mahusay at malikhaingpamamaraan.

**Pakikipagtulungan**

**Ang seksyong ito ay nagpapakita ng resulta sa antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtulungan bilang isang kasanayan sa digital literacy.**

**Talahanayan 10**

| Particulars | Mean | Deskriptor |
|---|---|---|
| 34. Sa mundo ng online, ako ay nagtatrabaho kasama ang ibang grupo (*Sa online nga kalibutan, nagtrabaho ko sa uban sa mga grupo.)* | 3.50 | Sumasang-ayon |
| 35. Ang pagtatrabaho online sa mga ka grupo ay nakakatulong sa akin na matuto mula sa iba. (*Ang pagtrabaho sa online nga mga grupo nakatabang kanako sa pagsalig sa uban.)* | 3.50 | Sumasang-ayon |
| 36. Nagtatrabaho ako online kasama ang aking mga kasamahan upang hanapin ang mga solusyon sa mga problema. (*Nagtrabaho ko online uban sa akong mga kaedad aron makapangita og solusyon sa mga problema.*) | 3.3O | Nag-aalinlangan |
| WEIGHTED MEAN | 3.43 | Sumasang-ayon |

*Legend: 4.21 – 5.00 LS, 3.41 – 4.20 S, 2.61 – 3.40 N, 1.81 – 2.60 DS, 1.00 – 1.80 LDS*

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng resulta na dalawang pahayag ang may parehong interpretasyon na sumasang-ayon at isa ay nag-aalinlangan. Ang pinakamataas na marka ay 3.50 na mayroong interpretasyong sumasang-ayon, nagpapahiwatigitonaang mga mag-aaral ay taos-pusong nakikipagtulungan o komportable sa pagsagawa ng mga gawain sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa iba. Maaaring ang interaksyon ng mga mag-aaral ay maging makabuluhan sa pamamagitan ng kolaboratibong pagkatuto ayon ni (Karla, 2019). Ang pagiging mataas ng antas ng pakikipagtulungan sa kolaboratibong pagkatuto ay nagpapahayag na ang mga estudyante sa practice teaching na handang magtulunganat magbahagi ng kaalaman at karanasan sa digital na konteksto. Ito ay nag papakita na ang kanilang pagiging proficient at komportable sa paggamit ng mga digital na kagamitan sa kanilang pag-aaral at pagtuturo.

Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral sa practice teaching ay hindi lamang nakakamit ang kanilang mga layunin sa edukasyon, ngunit kabilang na rin pagiging epektibong tagapagturo at maging modelo sa digital literacysa kanilang esdtudyante. Ito ay mahalaga dahil ang epektibong pakikipagtulungan ay nagpap alakassapagkatuto, nagpapabuti sa kalidad ng pagtuturo, at nagtataguyod ng mas malalimnapag-unawa at kasanayan sa digital literacy. Ang mga resulta na nakuha mula sa surveyaynagpapahiwatig ng isang positibong kalakaran sa mundo ng online.

Tinatanggapnilaangideya ng pagtutulungan bilang isang grupo mas napapadali nila ang pagtuturoat pakikipagtulungan sa digital literacy sa mga practice teaching na mayroon at nagpapalakas ng ugnayan at kooperasyon sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. Dahil salumalagong diin sa teknolohiya, nagiging mas bihasa ang mga sa pagtuturo angmgamag-aaral sa mga silid-aralan ngayon at pagpapaunlad ng isang mas may responsableng digital na lipunan.

## Konklusyon

Ang mga mananaliksik ay naka diskubre na bawat mag-aaral ay mayroon ng iba't ibang kaalaman at kasanayan sa digital literacy na kung saan mas mapabuti nila ang sarili na mas mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng pagsali o pagdalo ng mga siminar o mga pagsasanay patungkol sa mga kasangkapan online. Batay sa naging resulta ng pag-aaral may mga antas na kinakailangan ng pag-unlad sa kadahilanang hindi pa sila bihasa na gamitin ang pamamaraang ito. Ang negatibong mga antas ng mga practice teachers ay nagdudulot ng kawalan nang tiwala sa paggamit ng teknolohiya sa pamamaraan ng pagkamalikhain at pagkaroon ng pagkakaugnay, nagiging dahilan ito sa kakulangan ng mga kasangkapang teknolohiya sa pagtuturo. Nakikita sa resulta na ang mga antas ng kasanayan sa digital literacy ng mag-aaral sa practice teaching ay nangangailangan ng pag-unlad para sa pagkakaroon ng epektibong pagtuturo. Sa ngayon, mas nakikita ang mga problema sa pagiging pagkamalikhain sa antas ng mga practice teachers. Ang pananaliksik na ito ay ang mga practice teacher’s dapat magkaroon nang isang programang pangkasanayan at pag-eensayo ng mga practice teachers sa paggamit ng teknolohiya dahil base sa resulta hindi sapat ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit nito.

## Rekomendasyon

Ang mga mananaliksik ay naglalayong ipapapatupad ang programang workshop training upang matulungan ang mga mag-aaral na mas mapabuti ang kanilang kaalaman at kasanayan sa digital literacy at para sa mga mentor o guro upang magturo ng mas epektibong pagsasama-sama ng teknolohiya sa pagtuturo at upang ma synthesize at lumikha ng isang mas epektibo na paraan upang magbigay ng mga aralin para sa mag- aral na ganap na maunawaan ang mga aral na gumagamit ng teknolohiya bilang kanilang mga materyales ng pag-aaral. Ang pagbibigay ng impormasyon na may kaugnayan sa digital literacy na maaaring makatulong upang mapabuti ang kanilang mga kakayahan at makakuha ng mas maraming kaalaman tungkol dito.

Workshop training ay naglalayong magbigay sa mga estudyante ang mga impormasyon at kasangkapan na kinakailangan nila upang magbigay gabay sa paggamit ng digital tool sa mas mahusay at epektibong paraan. Ito rin ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral at guro na palawakin ang mga kaalaman at kasanayan na maaaring magamit sa epektibong proseso sa pagtuturo at pag-aaral.

**Mga Sangunian:**

Abbas, Q., Hussain, S., & Rasool, S. (2019). Digital Literacy Effect on the Academic Performance of Students at Higher Education Level in Pakistan. Global Social Sciences Review, 4(1), 154-165 .https://doi.org/10.31703/gssr.2019

Abdelraheem, A.Y. & Ahmed, A.M. 2018. The impact of using mobile social network applications on students' social-life. 11(2):114.https://doi.org/10.12973/iji.2018.1121a..

Akayoğlu, S., Satar, M., Dikilitaş, K., Cirit, N. C., & Korkmazgil, S. (2020, January 4). Digital literacy practices of Turkish pre-service EFL teachers. Australasian Journal of Educational Technology. https://doi.org/10.14742/ajet.4711

Amin, H., Malik, M. A., & Akkaya, B. (2022, January 4). Development and Validation of Digital Literacy Scale (DLS) and its Implication for Higher Education International Anjaniputra, A.G. 2020. Prevalence of tertiary level students' critical thinking skills in speaking. International Journal of Education, 13(1):18-25. doi: 10.17509/ije.v13i1. 18196

CharacterEducations(ICoSSCE2019),p.137141.AtlantisPress.https://doi.org/10.2991/assehr.k.200130.029

Cohen, R., Parmentier, A., Melo, G., Sahu, G., Annamalai, A., Chi, S., & Sakhuja, S. 2020. Digital literacy for secondary school students: using computer technology to educate about credibility of content online. Creative Education,11(05):674692 .https://doi.org/10.4236/ce.2020.115050.

Critical Success Factors for Enhancing Digital Literacy Among Undergraduate Students. (2023, August 1).https://doi.org/10.47750/pegegog.13.04.30

Choi, E., Johnson, D. A., Moon, K., & Oah, S. (2018, January 18). Effects of Positive and Negative Feedback Sequence on Work Performance and Emotional Responses. Journal of Organizational Behavior Management. https://doi.org/10.1080/01608061.2017.1423151

Falloon, G. 2020. From digital literacy to digital competence: the teacher digital competency (TDC) framework. Educational Technology Research and Development, 68(5):124.
https://doi.org/10.1007/s11423-02009767-4

Guillén Gámez, F. D., Mayorga-Fernández, M. J., & García, F. J. L. (2018, August 21). AStudy on the Actual Use of Digital Competence in the Practicum of Education Degree. Technology, Knowledge, and Learning. https://doi.org/10.1007/s10758-018-9390z

Khoerunisa, E., & Habibah, E. 2020. Profil keterampilan abad 21 (21st century soft skills) padamahasiswa. DOI: 10.53401/iktsf.v2i2.20. Lustyantie, N., Suriyati, Y., Isnan, F., Ramli, N., Yudha, R.P. 2022. The Effect of cognitive style, critical thinking, and digital literature on argumentative writing skills. Educational Sciences: Theory and Practice, 22(1):27-35. http://dx.doi.org/10.

McKinstry, C., Iacono, T., Kenny, A., Hannon, J., & Knight, K. 2020. Applying a digital literacy framework and mapping tool to an occupational therapy curriculum. Australian Occupational Therapy Journal, 67(3):210-217. https://doi.org/10.1111/

Nabhan, S. (2021, June 2). PRE-SERVICE TEACHERS' CONCEPTIONS AND COMPETENCES ON DIGITAL LITERACY IN AN EFL ACADEMIC WRITING SETTING. IndonesianJournal of Applied Linguistics https://doi.org/10.17509/ijal.v11i1.34628

Peled, Y. (2020, November 17). Pre-service teacher's self-perception of digital literacy: The case of Israel. Education and Information Technologies. https://doi.org/10.1007/s10639-020-10387x